

Mga Mapagkukunan sa Transportasyon sa County ng Los Angeles (Maraming Lungsod)

ACCESS SERVICES, INC. (County ng Los Angeles)

Telepono: (800) 827-0829

Para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pandinig at komunikasyon: (800) 827-1359

Website: <http://accessla.org/home/>

Mga Serbisyo: Serbisyo ng transportasyon sa buong County ng Los Angeles para sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Tumawag sa walang bayad numero at ang nagpapatakbo sa Access Services ay magpapadala ng aplikasyon at pakete ng impormasyon. Pagkatapos matanggap ang aplikasyon, mag-iiskedyul ng panayam sa tagasuri ng Access Services upang malaman ang pagiging karapat-dapat para sa paggamit ng sistema. Ang mga bata ay kailangang nasa edad na 6 na taong gulang para magpatala.

Pangkalahatang Impormasyon:

- Ang Access ay isang serbisyo ng magkakasamang sakay na nagsasakay at nagbababa sa bangketa.
- Magkakasabay na isasakay ang ilang pasahero sa isang pagkakataon sa parehong sasakyan.
- Hindi ito serbisyo ng taksi, pang-emerhensyang medikal o panlipunang serbisyo ng transportasyon, serbisyo mula at hanggang sa pinto, o pribadong serbisyo ng transportasyon.
- Ang Access ay nagkakaloob ng serbisyo sa loob ng $\frac{3}{4}$ milyang radyus ng bus na may itinakdang ruta at linya ng tren sa County ng Los Angeles.
- Nagpapatakbo ang Access sa iskedyul na katulad sa karamihan sa mga bus. Inihahandog ang regular na serbisyo mula 4:00 AM hanggang 12:00 AM, 7 araw sa isang linggo.
- Bilang serbisyo na sama-samang nagsasakay, ang oras ng iyong biyahe ay magiging katulad ng sa bus na may hindi nagbabagong ruta, at hindi ng kotse o taksi.
- Ang pamasaha para sa isang daan ay batay sa distansyang binabiyahe mo sa may pinakamalaking pamasaha na \$3.25 (maliban kung patungo/mula at sa Antelope Valley at Santa Clarita Valley). Ipapaalam sa iyo ng Tagapagreserba ang iyong pamasaha sa panahon ng pag-iskedyul mo ng iyong biyahe.

Mga Singil:

0 hanggang 19.9 milya	\$2.50
20 milya o higit pa	\$3.25

MAHALAGA: Maaaring hindi makapagsakay ang Access ng wheelchair o aparato sa mobilidad na mas malaki sa 30" ang lapad at 48" ang haba at may timbang na mahigit 600lbs kapag okupado.

Tingnan ang website o makipag-ugnayan sa Access Services para makuha ang:

- Gabay ng Pasahero ng Access
- Impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat
- Aplikasyon sa Pagsasanay sa Biyahe
- Impormasyon tungkol sa kung paano maghahain ng reklamo

AWTORIDAD SA TRANSPORTASYON SA KALUNSURAN NG LOS ANGELES (MTA)

Telepono: (800) 266-6883

Website: <https://www.metro.net/>

Mga Serbisyo: Mga serbisyo ng bus.

Mga Singil: Mga Binawasang Pamasaha gamit ang ID Kard ng Metro para sa May Kapansanan.

Upang makakuha ng ID Kard ng Metro para sa May Kapansanan, kailangan mong magbigay ng katibayan ng pagiging karapat-dapat o kard ng Medicare. Maaaring mag-apply sa Metro Customer Center o online. Ang mga nakumpletong aplikasyon, litratong ipinapakita ang buong mukha, kinakailangang dokumentasyon at \$2 singil ay kailangang isumite sa saanmang Metro Customer Center.

Para higit pang matulungan ang mga may kahinaan ang paningin, nagbibigay ang Metro ng mga naka-encode ng Braille at malalaking titik ng "Metro Flash na Aklat" para parahin ang tamang bus. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tumawag sa (213) 922-7023.

METROLINK (Panrehiyong Tren)

Telepono: (800) 371-5465

Mangyaring tumawag sa 800-371-LINK(5465), o 800-698-4TDD(4833) para sa mga kostimer na may kapansanan sa pananalita at pandinig.

Website: <https://metrolinktrains.com/>

Mga Serbisyo: Mga serbisyo ng tren na may mga akomodasyon:

- Ang bawat sasakyan sa tren ay may banyong lubusang magagamit ng mga may kapansanan.
- Ang mga tagabantay para sa personal na pangangalaga ay sumasakay nang libre kasama ang pasaherong may kapansanan.
- Tinatanggap ang mga hayop na nagkakaloob ng serbisyo.
- Ang mga pasaherong nangangailangan ng tulong sa pagsakay ay dapat maghintay sa itaas ng mapupuntahang rampa na matatagpuan sa dulo ng plataporma.

Sa pamamagitan ng 48 oras na patiunang kahilingan, makakapagbigay ng tulong ang Kinatawan ng Metrolink sa istasyon.

Mga Singil: Makakakuha ng may bawas na pamasaha para sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Mangyaring magprisinta ng katibayan ng pagiging karapat-dapat sa inspektor ng pamasaha kapag hiniling:

- ID Kard ng Samahan ng mga Nagpapatakbo ng Pamublikong Transportasyon sa County ng L.A.
- ID Kard para sa binawasang pamasaha na mula sa iba pang mga sistema ng pamublikong transportasyon
- ID Kard ng Medicare
- ID Kard ng plakard ng DMV
- Ang mga may hawak ng ID Kard para sa Mga Serbisyo sa Pag-access sa County ng Los Angeles ay sumasakay nang walang bayad

METRO MICRO

Telepono: (323) 466-3876 (323-GO-METRO)

Website: <https://micro.metro.net/>

Mga Serbisyo:

- Ipinagkakaloob ang serbisyo sa isang sasakyan na maikli ang biyahe sa loob ng ilang sona sa County ng Los Angeles
- Maikli at mga lokal na biyahe gamit ang maliliit na sasakyan (hanggang 10 pasahero)
- Iniiskedyul ang mga biyahe kapag patiunang hiniling o ipinareserba (hanggang 7 araw), sa halip na planuhin ang biyahe alinsunod sa iskedyul ng ruta ng bus
- Magpareserba ng mga biyahe sa mobile app ng Metro Micro, sa website, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 323-GO-METRO

Mga Singil: \$1 (hindi kasama ang paglipat sa bus o tren)

- Maaaring bayaran gamit ang kard ng TAP o credit card na kalakip sa account ng Metro Micro

PAGAWAING BAYAN NG COUNTY NG LOS ANGELES

Address: 900 S. Fremont Avenue
Alhambra, CA

Telepono: (626) 458-5100

Website: <https://pw.lacounty.gov/transit/>

Mga Serbisyo:

- Nagbibigay ng mga serbisyong pantransportasyon para sa mga karapat-dapat na residenteng matatanda at may kapansanan sa mga hindi kasamang lugar sa County ng Los Angeles. Ang interaktibong mapa ay nagpapahintulot sa iyong piliin ang iyong lungsod na maidirekta sa mga serbisyo ng paratransit/Dial-A-Ride ng lungsod.

SOCAL 511

Telepono: I-dial ang - 511

Website: www.Go511.com

Mga Serbisyo:

- Maaaring tumawag ang mga tao sa Southern California 511 mula kahit saan sa mga county ng Los Angeles, Orange, Riverside, San Bernardino at Ventura mula sa landline o cell phone. Ang mga simpleng instruksyon ay gagabay sa iyo sa impormasyong kailangan mo – gamitin ang touch-tone keypad o sabihin ang gusto mo at ibibigay sa iyo ng 511 ang impormasyong hiniling mo.
- Naghahandog ang website ng mga simpleng menu upang matulungan ang mga taong agad na mahanap ang impormasyon at planuhin ang tamang ruta para sa kanilang pagbiyahe. Naghahandog ang site ng interaktibong live na mapa ng trapiko upang makita ang trapiko sa lugar o bisitahin ang "Mga Bus at Tren" para mahanap ang tamang serbisyo ng transit para sa iyong biyahe.